# Mga Saloobin, Motibasyon, at Disposisyon sa Pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral na B'laan ng Matanao, Davao del Sur

**AILYN JOICE S. OLING**
Master of Arts in Teaching Filipino
Rizal Memorial Colleges, Inc.
ailynjoice.olingdeped.gov.ph

*Abstrak* — Ang pananaliksik na ito ay tungkol sa mga saloobin, motibasyon, at disposisyon sa pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na B'laan sa Matanao, Davao del Sur. Saklaw ng pananaliksik na ito ang siyam (9) na mag-aaral ng ika-sampung baitang mula sa Distrito ng Matanao ng DepEd-Davao del Sur. Sa pagsakatuparan ng pag-aaral na ito, ginamit ko ang purposive sampling na paraan sa pagpili ng mga kalahok sapagkat ito ay ang kadalasang ginagamit sa mga pag-aaral na kuwalitatibo.

Lumabas sa pag-aaral na ito ang masinsinang paglalarawan ng ugnayan ng kultura at pagkatuto sa konteksto ng mga mag-aaral na B'laan. Ipinakita sa mga tugon ng kalahok na ang matagumpay na pagkatuto ng wikang Filipino ay higit na nagiging makabuluhan kung ito ay nakaugat sa kanilang kultural na karanasan, pinagmulan, at pagkakakilanlan. Kaugnay nito, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang inklusibong kapaligiran sa pagkatuto kung saan ang mga mag-aaral ay tinatanggap, pinakikinggan, at kinikilala ay mahalaga sa pagbubuo ng kanilang positibong disposisyon. Nararapat na patuloy silang bigyan ng mga pagkakataon na makapagpahayag ng kanilang saloobin at karanasan sa loob ng klasrum. Sa pamamagitan ng paglinang ng kanilang tinig at pagkilala sa kanilang pinagmulan, mas lalong mapalalakas ang kanilang kumpiyansa sa sarili at pagnanais na matuto.

***Keywords — B'laan, saloobin, motibasyon, disposisyon, pagkatuto ng wikang Filipino***

## I. Introduksyon

Ang wika ay hindi lamang kasangkapan ng komunikasyon kundi isang mahalagang bahagi ng kultura at pagkakakilanlan ng isang pangkat etniko. Sa konteksto ng edukasyon, ang pagkatuto ng wikang pambansa ay isang mahalagang hakbang tungo sa mas inklusibong sistema ng edukasyon para sa mga katutubong pamayanan.

Ang saloobin, motibasyon at disposisyon ay may mahalagang papel sa matagumpay na proseso ng pagkatuto ng wika. Bilang suporta sa puntong ipinakita ni Fakeye (2020) na ang motibasyon, disposiyon at saloobin ng mga mag-aaral ay kabilang sa pinakamahalagang salik sa pagkatuto ng wika. Dagdag pa rito, ang motibasyon at saloobin ng mga mag-aaral ay kritikal para sa mabisang pagtuturo at pagkatuto ng wikang Ingles. Sa bansang Thailand, ang mga mag-aaral na nagsasalita ng mga katutubong wika ay may mababang antas ng motibasyon, saloobin at

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

disposisyon sa pag-aaral ng pambansang wika (Ard, 2020). Sa bansang Vietnam, ibinahagi ni Nguyen (2023) na ang mga mag-aaral sa sekundarya na napabilang sa mga pangkat etniko ay may mababang saloobin, motibasyon at disposisyon sa pag-aaral ng kanilang wikang pambansa. Ibinahagi rin nina Pannasara, Kanokkamalade at Klinchan (2020) ng bansang Myanmar na ang kanilang mga mag-aaral sa mataas na paaralan bagamat may kataasan ang antas sa motibasyong instrumental sa pagkatuto ng wika ay may kahinaan naman sa saloobin at disposiyon. Ito ngayon ay pinag-uukulan ng malawak na pansin ng mga nasa akademya sa kanilang bansa.

Ibinahagi nina Gomez at Bidad (2021) na sa pananaliksik na kanilang isinakatuparan, naniniwala ang mga guro na ang mga mag-aaral na Bagobo-Tagabawa sa Davao del Sur ay may mataas na paniniwala, saloobin at motibasyon na mapauunlad nila ang kanilang kasanayan sa Filipino. Ang aspektong kultural ay nakaaapekto sa kanilang personal na karanasan at edukasyon. Ang mga paniniwalang ito ay may implikasyon sa kanilang mga estratehiya sa pagkatuto sa saloobin ng mga katutubong mag-aaral.

Bilang guro at isang mananaliksik, aking napansin na ang mga mag-aaral na B'laan sa Matanao, Davao del Sur ay may iba't ibang antas ng saloobin at motibasyon sa pagkatuto ng wikang Filipino. Sa aking mga pakikipag-ugnayan sa kanila, kapansin-pansin na ang ilan ay may positibong pananaw sa Filipino dahil ito ay nagbibigay sa kanila ng mas malaking pagkakataon upang makipag-ugnayan sa mas malawak na lipunan. Gayunpaman, may ilan ding nagkakaroon ng hamon sa pagkatuto nito, lalo na ang mga mas nakatatanda na mas sanay sa kanilang katutubong wika at hindi gaanong nalalantad sa Filipino sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

**Rebyu ng Mahahalagang Literatura**

***Mga Karanasan ng mga mag-aaral na B’laan Ukol sa Saloobin, Motibasyon at Disposisyon sa Pagkatuto ng Filipino***

Sa larangan ng pagkatuto ng wika, ang saloobin, disposisyon at motibasyon ay itinuturing na mga pangunahing salik na nakaaapekto sa kung gaano kahusay matututo ang isang mag-aaral ng isang wika. Tradisyunal na inilalarawan ang saloobin bilang isang masalimuot at matibay na hilig na humuhubog sa pagkilos ng isang indibiduwal sa isang tiyak na paraan. Ang papel ng saloobin sa proseso ng pagkatuto ng wika ay dapat isaalang-alang sa kabuuang proseso ng pagkatuto (Pham, 2021).

***Hamon sa Pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaralna B’laan***

Sa larangan ng edukasyon sa Pilipinas, itinatampok ng isang pag-aaral ang mga hamon na kinakaharap ng mga estudyante ng B’laan, kabilang ang diskriminasyon at mga paghihirap sa kapaligiran, na nakakaapekto sa kanilang mga karanasan sa edukasyon. Sa kabila ng mga hamon na ito, ang mga estudyante ng B’laan ay nagpapanatili ng pagmamalaki sa kanilang kultural na pagkakakilanlan at nagpapakita ng katatagan, kadalasang udyok ng pagmamataas ng pamilya at tribo na ituloy ang edukasyon bilang isang paraan upang madaig ang kahirapan (Albona, 2015).

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

***Pagharap ng mga mag-aaral na B'laan sa hamon sa Pagkatuto ng Filipino***

Sa proseso ng pagkatuto, ang kapuwa mag-aaral at mga guro ay nahaharap sa mga hamon. Upang mapagtagumpayan ang mga hamon ng pagkatuto lalo na sa mga mag-aaral na mga katutubo, isang hakbang ang maaaring gawin ay ang tiyakin ng mga paaralan na ang mga silid-aralan ay bukás at kaaya-aya para sa mga mag-aaral. Mahalaga rin para sa mga mag-aaral na ang mga mensahe ng mga guro ay positibo at nagpapatibay. Kung negatibo ang mga puna ng mga guro, maaari manlupaypay ang mga mag-aaral at bababa ang motibasyon (Gholam, 2019).

***Mga Kuro-kuro ng mga Mag-aaral na B'laan sa Pagkatuto ng Filipino***

Ang pagkatuto ng wika sa mga mag-aaral na katutubo ay higit pa sa simpleng pag-unawa sa mga salita, ito ay masalimuot na proseso na nakaugat sa kultura, pagkakakilanlan, at karanasan ng komunidad. Ayon kina McIvor, Chew, at Stacey (2020), sa kabila ng mga hamon ng pandemya, ipinamalas ng mga pamayanang katutubo ang katatagan sa pamamagitan ng paglikha ng mga bagong materyales sa wika at paggamit ng makabago at malikhaing paraan upang mahikayat ang mga mag-aaral, upang mapanatili ang patuloy na pagpapasa ng kanilang wika. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang pagkatuto ng wika ay mahalagang bahagi ng pagpapatuloy ng ugnayang inter-henerasyonal at pagkakabuklod ng komunidad.

## II. Pamamaraan

Ang buong kabanatang ito ay tumatalakay sa mga paraan at disenyo na ginamit ko sa aking pag-aaral. Ito ay nahahati sa sumusunod na bahagi: pilosopikal na palagay, kuwalitatibong palagay, disenyo ng pananaliksik, mga etikal na pagsaalang-alang, mga kalahok ng pananaliksik, tungkulin ng mananaliksik, paglikom ng mga datos, pagsusuri ng mga datos, at katapatan ng pag-aaral. Binigyang-diin ang pagsaalang-alang sa mga paniniwalang moral upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga kalahok at maipakita ang paggalang sa kanila bilang mga kalahok sa isinagawang pag-aaral ukol sa mga saloobin, motibasyon at disposisyon sa pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na B'laan ng Matanao, Davao del Sur.

**Pilosopikal na Paniniwala**

Ayon kina Creswell at Poth (2018) may apat na pangunahing palagay na kailangang isaalang-alang ng mananaliksik sa pagbuo ng pag-aaral: Sa aking pananaliksik, matapat kong isinaalang-alang ang sumusunod: ontolohiya, epistemolohiya, axiolohiya at metodolohikal.

***Ontolohiya***

Sa pag-aaral na ito, buong paggalang at masusing pag-unawa kong sinasaliksik ang bawat salita at pahayag na ibinabahagi ng aking mga kalahok na mga mag-aaral na B'laan hinggil sa kanilang mga karanasan sa pagkatuto ng wikang Filipino na may diin sa kanilang mga saloobin, motibasyon at disposisyon. Bawat salaysay, pananaw, at pagninilay na kanilang inilalahad ay

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

itinuturing kong mahahalagang butil ng kaalaman na magsisilbing gabay at magbibigay-liwanag sa mas malalim na pag-unawa sa larangan ng pananaliksik na ito. Sa pamamagitan ng kanilang mga tinig, mas lalalim ang aking pagsusuri sa mga saloobin, motibasyon at disposiyon at kung paano nila napagtatagumpayan ang mga hamon at kuro-kuro na siyang magiging pundasyon ng aking isinasagawang pananaliksik.

***Epistemolohiya***

Ang pilosopiyang ukol sa *epistemolohiya* ay naglalahad kung paano ang kaalaman na nalikom ay napangangatuwiranan sa pamamagitan ng paglapit ko bilang mananaliksik sa mga kalahok upang makuha ang pangunahing impormasyong karapat-dapat sa aking pag-aaral. Sa pag-aaral na ito, tanging mga mag-aaral na B'laan lamang na may tuwirang karanasan sa pagkatuto ng wikang Filipino ang maaaring maging kalahok..

***Axiolohiya***

Ako bilang mananaliksik ay kinakailangang bumuo ng kahalagahan sa pag-aaral at pag-uulat ng mga ito sa sistematiko at nauunawaang paraan. Sa pag-aaral na ito, tinitiyak kong may katarungan, katumpakan, at katuturan ang bawat impormasyong ilalahad, na may layuning maging kapaki-pakinabang hindi lamang sa mga kalahok kundi pati na rin sa mas malawak na larangan ng edukasyong pang-wika. Sisikapin kong mapanatili ang integridad ng pananaliksik sa pamamagitan ng masusing pagsusuri at matapat na pagpapakahulugan sa mga datos na malilikom mula sa mga kalahok ng aking pag-aaral. Bukod dito, bibigyang-diin ko ang pagiging bukas sa iba't ibang pananaw ng mga mag-aaral, anuman ang kanilang paninindigan o karanasan, upang matiyak ang pantay at obhetibong pagsusuri.

***Metodolohikal***

Sa pag-aaral na ito, aking tinitiyak na ang bawat salitang ginamit ay malinaw at madaling maunawaan ng mga mambabasa, upang ang mga kaalamang hatid nito ay tunay na maging kapaki-pakinabang sa kanila. Anumang bahaging maaaring magdulot ng pag-aalinlangan o hindi ganap na maunawaan ng aking mga kalahok ay aking maingat na nililinaw sa pamamagitan ng pagbibigay ng angkop na halimbawa o pagsasalin sa kanilang unang wika.

***Kuwalitatibong Palagay***

Ang kuwalitatibong pananaliksik na ito ay penomenolohikal kaya ipinalalagay ko na: una, ang mga kalahok ay tutugon sa mga tanong na may katapatan at sa marangal na paraan. Pangalawa, ang mga inklusyon na pamantayan ay angkop sa mga kalahok na nakararanas ng parehong penomena sa pagkatuto ng wikang Filipino. Pangatlo, ang mga kalahok ay may taos-pusong kawilihan sa paglahok sa pag-aaral at walang halong pansariling motibo o interes. Hindi rin napipilitan ang aking mga kalahok sa pagsali sa mga ginawa kong panayam.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang disenyo ng pag-aaral na ito ay kuwalitatibo. Ang kuwalitatibong pananaliksik ay tumalakay sa paggamit ng kuwalitatibong datos tulad ng mga panayam, mga dokumento at datos mula sa pagmamasid ng kalahok at upang maunawaan at ipaliwanag ang mga penomena sa kapaligiran. Ginamit nito ang malalim na pag-aaral ng mga maliit na pangkat ng mga tao upang gabayan at suportahan ang pagbuo ng mga pagpapalagay. Ito rin ay tumitiyak na masasagot ng pananaliksik ang mga suliranin at matutupad ang layuning itinakda nito (Hancock, Windridge, at Ockleford, 2009).

**Mga Etikal na Pagsasaalang-alang**

Ang mga pagsasaalang-alang na ito ay naglalayong protektahan ang mga karapatan ng mga kalahok sa pananaliksik, pataasin ang bisa ng pananaliksik, at mapanatili ang integridad ng akademyang nagkakanlong ng mga hanay ng karunungan. Ang sumusunod na larangan ay isinasaalang-alang at sinusunod ko sa aking pag-aaral:

***Kahalagahang Panlipunan***

Ang pag-aaral na ito ukol sa mga saloobin, motibasyon at disposiyon sa pagtuturo ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na B'laan ng Matanao Davao del Sur ay may kahalagahang panlipunan dahil nagbibigay ito ng mga pananaw tungkol sa mga sikolohikal at pandamdaming aspekto ukol sa pagkatuto ng Filipino ng mga mag-aaral na B'laan.

***Boluntaryong Paglahok***

Sa pag-aaral na ito, mahigpit na pinanatili ang boluntaryong paglahok. Ang lahat ng kalahok na sangkot sa aking pag-aaral ay lubos kong kinilala ang kanilang likas na katangian, layunin. Ang kanilang paglahok ay lubos na boluntaryo, at tinitiyak ko sa kanila na ang pagtanggi sa paglahok o ang pag-urong mula sa pag-aaral sa anumang oras ay hindi magdudulot ng anumang parusa.

***Kasunduan***

Ang lahat ng kalahok ay binigyan ko ng kumpleto at malinaw na impormasyon hinggil sa likas na katangian, layunin, mga hakbang, mga posibleng panganib, at inaasahang benepisyo ng aking pag-aaral. Inalam din nila ang kanilang mga karapatan, kabilang na ang kalayaan na tumanggi sa paglahok o umatras mula sa pag-aaral anumang oras nang walang parusa o negatibong epekto.

***Pagkubli ng Pagkakakilanlan***

Ang lahat ng mga kalahok ay binigyan ng isang natatanging pagkakakilanlan na tinitiyak na ang kanilang personal na impormasyon ay hindi ikinakabit sa kanilang mga sagot. Walang mga

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

pangalan o anumang iba pang detalye ng pagkakakilanlan ang kinolekta sa proseso ng pangangalap ng datos. Ang pagiging hindi kilala na ito ay binigyang-diin sa proseso ng kasunduan, kung saan tinitiyak sa mga kalahok na ang kanilang paglahok ay mananatiling kompidensyal at hindi ibubunyag ang kanilang pagkakakilanlan sa anumang paraan.

***Pagiging Kompidensyal ng mga Impormasyon***

Sa pag-aaral na ito, ang pagiging kompidensyal ng impormasyon ay isinagawa ko sa pamamagitan ng *data anonymization*. Ang mga datos ng kalahok ay hindi naibubunyag sa pamamagitan ng pagbibigay ng natatanging pagkakakilanlan sa halip na gumamit ng mga personal na tagapagkilala tulad ng mga pangalan. Tinitiyak nito na walang direktang ugnayan ang mga sagot ng mga kalahok at ang kanilang pagkakakilanlan.

***Potensyal na Panganib***

Sa pag-aaral na ito, bago ko isinagawa ang pangangalap ng datos, isang masusing pagsusuri ng panganib sa lahat ng kalahok ang aking isinagawa upang matukoy ang mga posibleng sikolohikal, pandamdamin, o panlipunang panganib sa panig ng aking mga kalahok. Batay sa pagsusuring ito, natukoy na ang mga panganib na kaugnay ng paglahok ay minimal, dahil ang pag-aaral ay nakatuon lamang sa mga hamon at pagtatagumpay ng mga mag-aaral na B'laan sa pag-aaral nila ng Filipino.

***Kahinaan ng mga Kalahok, mga Panganib, Benepisyo, at Kaligtasan***

Sa pananaliksik, inuunawa ko na mahalaga ang balanse sa pagitan ng mga panganib at benepisyo. Ang mga panganib ay tumutukoy sa anumang potensyal na negatibong resulta na maaaring maranasan ng mga kalahok, habang ang mga benepisyo ay tumutukoy sa mga positibong resulta o kontribusyon na maaaring maibigay ng pag-aaral.

***Salungatan ng Interes***

Ako bilang mananaliksik ay kasalukuyang guro sa at nagtuturo sa mga mag-aaral na B'laan. Bagama't may mga personal na ugnayan sa ilan sa mga kalahok, tiniyak ko na ang lahat ng datos ay tinipon, sinuri, at inilahad sa paraang obhektibo at walang kinikilingan. Ang anumang personal na koneksyon ko sa kanila ay kailanman ay hindi nakaimpluwensiya sa interpretasyon ng datos mula sa kanilang mga pagsasalaysay at maging sa resulta ng pag-aaral.

***Katarungan at Katapatan***

Sa pag-aaral na ito, ang katarungan ay isinagawa sa kasalukuyang pag-aaral sa pamamagitan ng pagtutok na matiyak na ang lahat ng kalahok, anuman ang kanilang pinagmulan o pansariling katangian, ay may pantay-pantay na pagkakataon na makilahok sa pag-aaral. Ang pagpili ng mga kalahok ay isinagawa ng makatarungan, na walang pangkat na labis na pinabigatan ng mga pamamaraan ng pananaliksik.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Mga Kalahok ng Pananaliksik**

Ang mga kalahok ng pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral na B'laan sa ika-10 na baiting. Siyam (9) mag-aaral ang pagkukunan ng mga datos ayon sa kanilang mga mga saloobin, motibasyon at disposiyon gayundin ang mga kuro-kuro sa pagkatuto ng wikang Filipino. Sila ang naging kalahok upang makamit ang layunin ng pananaliksik na ito.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Sa pagsakatuparan ng pag-aaral na ito, ginamit ko ang *purposive sampling* na paraan sa pagpili ng mga kalahok sapagkat ito ay ang kadalasang ginagamit sa mga pag-aaral na kuwalitatibo kung saan ang mananaliksik ay umaayon sa kaniyang paghuhusga sa pagpili ng mga kalahok para sa pag-aaral ayon sa tamang pamantayan. Ang *purposive sampling* ay isang *non-probability sampling* na pamamaraan. Nangyayari ito kapag ang mga elementong napili para sa *sample* ay pinili ayon sa paghatol ng mananaliksik batay na rin sa mga tiyak na pamantayan, kategorya at katangian.

**Tungkulin ng Mananaliksik**

Sinunod ko rin ang mga suhestiyon mula sa mga dalubhasa batay sa mga teoryang nakalap. Ginamit ko ang mga pamamaraang ito para sa magandang pundasyon ng pananaliksik. Ginampanan ko ang pagiging tagapanayam, tagapag-*transcribe*, tagapagsalin, tagapag-analisa at tagapag-*encod*e ng datos at higit sa lahat, taga-ingat sa datos na nakalap mula sa mga kalahok at inaasahang napanatiling kumpedensyal ang mga ito. Pananagutan ko bilang mananaliksik na pangalagaan ang anumang tugon sa ginawang pag-aaral at itala nang wasto ang mga tugon batay sa mga katanungang inilahad. Ang kawastuhan ng mga itinala ay nagpapatunay sa kabisaan ng pag-aaral.

**Paglikom ng mga Datos**

Unang-una, ang pagkuha ng pahintulot mula sa mga kinauukulang kasangkot sa pag-aaral. Ako bilang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Dekana ng Paaralang Gradwadong Rizal Memorial Colleges, Dr. Nelia B. Aga. Bahagi ng aking pananaliksik ang humingi ng pahintulot sa Tagapamanihalang Pansangay ng DepED Davao del Sur, Dr. Lorenzo Mendoza, CESO V upang magsagawa ng pag-aaral sa mga piling mag-aaral sa nasabing sangay. Pagkatapos matanggap ang positibong tugon at pahintulot ng Tagapamanihala, ako ay makikipag-ugnayan sa mga punong-guro ng mga paaralan. Ang pagsasaayos ng pagkolekta ng datos ay isasagawa upang maging maayos ang gawain.

Isusunod ko ang pagpili ng mga kalahok sa pananaliksik. Pagkatapos nito, personal akong makikipag-ugnayan sa mga kalahok kasabay ng pagbibigay ng pormal na liham-pahintulot bilang pagpapabatid na bahagi sila ng aking ginagawang pananaliksik. Sila ay kusang-loob na

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

magdesisyon kung nais nilang maging bahagi ng pananaliksik. Ang sunod kong gagawin ay ipababatid ko sa mga kalahok na ang panayam ay itatala at kailangang i-*transcribe*.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Sinunod ko ang pag-aaral ni Saldaña (2009) batay sa mga hakbang ng pagsusuri ng penominolohikal na pag-aaral. Ito ay para tugunan ang pagsusuri ng mga datos nang malawak at maayos. Ang mga hakbang ay ang sumusunod: Pag-aayos ng mga Datos para sa Pagtatasa, Transkripsyon, Pagbuo ng mga Kahulugan, Kategorya at Pagklaster ng mga tema, Tematikong Pagsusuri, Depinisyon ng mga Tema, Pagkakaltas ng Resulta at Balidasyon ng mga Resulta.

**Pag-aayos ng mga Datos sa Pagtatasa**

Ang mga haba ng oras ng panayam o pangkatang panayam, mga pahina ng mga tala sa pagmamasid, at hindi mabilang na mga dokumento ay maaaring makuha sa panahon ng pangongolekta ng datos. Sa pagsasagawa, ito ay karaniwang nasasangkot ng pagititipon ng lahat ng audio-biswal na mga kagamitan na magkasamang naka-imbak sa iisang lokasyon, pagpapalit ng mga tala sa pagmamasid sa elektronik na pormat, at mga na-*scan* na dokumento na nasa anyong papel. Iminumungkahi na sa prosesong ito ay gumagamit ng sistema ng klasipikasyon sa bawat dokumento.

**Transkripsiyon**

Karaniwang nakokolekta ang mga awdyo-bisuwal na kagamitan sa kuwalitatibong pagsusuri.

**Pagko-code ng Datos**

Sa prosesong ito, inaayos at inilalagay ko sa mga kategorya ang mga nakalap na impormasyon upang mas madaling maunawaan at suriin. Nagsisimula ito sa pagbasa o pagrerepaso ng mga nalikom na datos mula sa ginawang panayam.

**Paglipat ng Koda sa mga Kategorya Patungo sa mga Tema**

Sa prosesong ito, sinusuri ko ang mga code upang makita kung alin sa mga ito ang may pagkakapareho o pagkakaugnay sa nilalaman. Ang magkakatulad na mga *code* ay pinagsasama-sama sa ilalim ng isang kategorya na sumasalamin sa kanilang pangunahing ideya.

**Paglinaw sa Kategorya ng mga Tema at sa Proseso ng Pagsusuri**

Una, nalaman na ang paglikha ng isang gabay ng analitikong proseso ay isang kapaki-pakinabang na paraan na maaaring maibabahagi ang proseso ng transkripsyon mula sa mga code patungo sa mga kategorya sa mga tema.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Pangalawa, upang suportahan ang kalinawan ng datos, iminumungkahi na bumuo ang mga mananaliksik ng isang detalyadong pamamaraan na naglalarawan sa ugnayan sa pagitan ng pinagmulan ng datos, code, kategorya at mga tema. Panghuli, ang isa pang diskarte ay nagsasangkot ng pag-uulat ng paggamit ng kalimitang *code*..

**Katapatan ng Pag-aaral**

Sa pag-aaral gamit ang kuwalitatibong pananaliksik, kailangang isa-alang-alang ng mananaliksik ang mga sumusunod na pamantayan *credibility*, *dependability*, *transferability*, at *confirmability*.

**Pagtalakay sa Mga Kinalabasan**

Sa pamamagitan ng pagtalakay sa kanilang mga karanasan, layunin ng pananaliksik na ito na masilip ang mga hamon at tagumpay na kanilang kinakaharap, at makapagbigay-liwanag sa kung paano nila nilalampasan ang mga ito upang mapaunlad ang kanilang pagkatuto. Ang pagtalakay sa kanilang mga karanasan ay nababalangkas sa sumusunod na mga tema: kultura bilang saligan ng saloobin sa pagkatuto; panloob na motibasyon sa kabila ng mga balakid; kaakuhan at pagkatuto ng wika; at kapaligiran ng pagkatuto at karanasan.

Ang mga saloobin ng mga mag-aaral patungkol sa Filipino ay hindi lamang nakabatay sa kanilang karanasan sa paaralan kundi sa malalim na ugnayan ng wika sa kanilang sariling kultura at identidad. Isa sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa tukol saloobin, motibasyon at motibasyon sa pagkatuto ng Filipino ay ang *kultura bilang saligan ng saloobin sa pagkatuto*.

Ang kanilang motibasyon ay nakaugat sa mga personal na layunin na higit pa sa simpleng pagtatapos ng isang kurso. Ang bawat kalahok ay may matibay na pananaw na ang Filipino ay isang halaga na hindi lamang para sa akademikong tagumpay, kundi bilang isang instrumento sa pagpapabuti ng buhay. Ito ay maituturing na isang paraan upang makipag-ugnayan sa iba at magkaroon ng mas magagandang pagkakataon sa hinaharap.

Ipinakikita rin nito ang hirap at kakulangan ng kasanayan sa Filipino dahil sa linggwistikong pagkakaiba ng B'laan at Filipino, na nagiging sanhi ng kakulangan sa pag-unawa sa ilang mga salita.

Binibigyang-diin ng mga kalahok ang positibong epekto ng makakulturang pagbibigay-halimbawa at pagpapakita ng respeto sa kanilang pinagmulan bilang mabisang estratehiya ng mga guro. Ang kakulangan naman sa mga kagamitang pang-edukasyon na akma sa kanilang antas at konteksto ay isa sa mga hamon na kanilang kinahaharap. Sa kabila nito, ipinapakita ng mga tugon na kapag ang kapaligiran ng pagkatuto ay suportado at inklusibo, mas mataas ang kanilang pagnanais na matuto at mas nararamdaman nilang bahagi sila ng prosesong pang-edukasyon.

Sa aking pagsusuri, lumutang ang tatlong temang kaugnay sa pagharap ng mga mag-aaral na B’laan sa pagkatuto ng Filipino: kahalagahan ng kaligirang pampagkatuto; mga gurong

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

inspirasyon at modelo sa pagkatuto; at mga kontekstuwalisadong kagamitan at inklusibong pagtuturo.

Ang bukás, ligtas, at kaaya-ayang silid-aralan ay mahalaga sa saloobin ng mga mag-aaral na B'laan sa pagkatuto ng Filipino. Ang positibong pakikitungo ng guro gaya ng paggamit ng mga salitang nagpatitibay, at pag-iwas sa mapanirang puna ay nakatutulong upang maging mas kumpiyansa at bukás ang mga mag-aaral sa pagkatuto.

Ipinakikita sa mga tugon na ang pagiging maunawain, mapagpasensya, at may kaugnayan sa kultura at karanasan ng mga mag-aaral ang mga katangiang tunay na hinahangaan nila sa kanilang mga guro. Sa pamamagitan ng mga konkretong halimbawa, estilo ng pagtuturo na makabuluhan, at positibong pag-uugali, nailalapit ng guro ang wika sa karanasan ng mga katutubo, gaya ng mga mag-aaral na B’laan.

Ang paggamit ng mga kontekstuwalisadong kagamitan sa pagtuturo ay nakatutulong upang mailapit ang aralin sa karanasan ng mga mag-aaral, habang ang inklusibong pagtuturo naman ay nagtitiyak na ang bawat mag-aaral, anumang pinagmulan o kultura ay nakadarama na sila ay kabilang.

Mula sa mayamang pagbabahaginan, ukol mga kuro-kuro ng mga mag-aaral na B’laan kaugnay ng kanilang pagkatuto ng Filipino nabuo ang tatlong mahahalagang tema mataas na hangarin sa pagkatuto ng wika; nasasalig sa kultura ang pagkatuto ng wika; at hamon at pagkakataon sa pagtuturo ng Filipino.

Ang kanilang pagsusumikap ay hindi lamang bunga ng pang-akademikong pangangailangan kundi masasalamin din sa kanilang pagnanais na makipag-ugnayan, makibahagi, at mapanatili ang kanilang pagkakakilanlan habang nilalampasan ang mga hadlang ng pagkatuto ng wika.

Sa mga mag-aaral na katutubo tulad ng mga B’laan, ang pagkatuto ng wika ay hindi lamang teknikal na kasanayan kundi isang makabuluhang proseso na malalim ang ugnayan sa kanilang kultura, pagkakakilanlan, at pamumuhay. Kapag isinasaalang-alang ang kontekstong kultural sa pagtuturo ng wika, mas nagiging makabuluhan at epektibo ang pagkatuto. Maging sa edukasyon, malapit ang hangarin ng mga mag-aaral na isulong ang kanilang kultura sa pamamagitan ng edukasyon.

Sa paglalahat, ang mga karanasan ng mga mag-aaral na B’laan ay nagpapakita na ang makabuluhang pagkatuto ng Filipino ay nakasalalay sa sensibilidad ng mga guro, paggamit ng naaangkop na estratehiya, at pagkilala sa kanilang kultura. Sa ganitong paraan, ang wika ay hindi lamang instrumento ng komunikasyon kundi tulay sa mas malalim na pag-unawa sa sarili, pag-aaral at lipunan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## III. Pangunahing Resulta ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay masinsinang naglalarawan ng ugnayan ng kultura at pagkatuto sa konteksto ng mga mag-aaral na B'laan. Ipinakita sa mga tugon ng kalahok na ang matagumpay na pagkatuto ng wikang Filipino ay higit na nagiging makabuluhan kung ito ay nakaugat sa kanilang kultural na karanasan, pinagmulan, at pagkakakilanlan.

Kaugnay nito, ipinahihiwatig ng mga resulta na ang inklusibong kapaligiran sa pagkatuto kung saan ang mga mag-aaral ay tinatanggap, pinakikinggan, at kinikilala ay mahalaga sa pagbubuo ng kanilang positibong disposisyon. Kapag ang mga guro ay gumagamit ng mga estratehiyang sensitibo sa kultura at lingguwistika, nadarama ng mga mag-aaral ang kanilang kahalagahan sa klasrum. Lumalabas din na ang interaktibong pamamaraan sa pagtuturo tulad ng pagsasadula, paggamit ng awitin, at mga halimbawang hango sa kanilang sariling pamumuhay ay lubos na nakatutulong sa pag-unawa ng aralin.

Sa ganitong konteksto, malinaw na ang edukasyong sumasalamin at sumasaklaw sa identidad ng mga mag-aaral ay hindi lamang nagbubunga ng pagkatutong kognitibo, kundi nakapagtitibay rin ng kanilang kumpiyansa at damdaming kabilang sa mas malaking lipunan. Ang ganitong pagkilala sa kanilang kultura ay hindi isang opsyon, kundi isang pangangailangang pedagogikal upang maisulong ang tunay na kalidad na edukasyon para sa lahat, lalo na sa mga katutubong pamayanan.

## REFERENCES

[1] Albona, S. A. (2015). Navigating the learning labyrinth of B'laan. International Journal of Scientific & Engineering Research, 6(3), 14.
[2] Ard, P. I. (2020). Motivation and attitudes towards English language learning in Thailand: A large-scale survey of secondary school students. Department of Curriculum and Instruction, Faculty of Education, Ramkhamhaeng University.
[3] Badie, J. Y. (2020). Blaan sa Pilipinong sosyolohiya: Ang Nawáh sa mga danas sa Facebook bilang pook ng talastasan, ugnayan, at alaala. Malay, 32.
[4] Babbie, E. (2020). The Practice of Social Research (15th ed.). Cengage Learning.
[5] Eden, C. A., Onyebuchi, N. C., & Adeniyi, I. S. (2024). Cultural competence in education: Strategies for fostering inclusivity and diversity awareness. International Journal of Applied Research in Social Sciences, 6(3), 383-392. https://doi.org/10.51594/ijarss.v6i3.895
[6] Faden, R. R., Beauchamp, T. L., & Kass, N. E. (2014). Informed consent, comparative effectiveness, and learning health care. New England Journal of Medicine, 370(8), 766–768. https://doi.org/10.1056/NEJMhle1313674
[7] Fakeye, D. (2020). Writing anxiety: An affective filter for essay writing instruction among ESL students in Ibadan.
[8] Gelling, L., Ersser, S., Heaslip, V., Tait, D., & Trenoweth, S. (2021). Ethical conduct of nursing research. Journal of Clinical Nursing, 30(23–24), e69–e71. https://doi.org/10.1111/jocn.16038
[9] Gomez, A., & Bidad, W. (2021). Teachers' beliefs in providing education to indigenous learners: Meaning, context and purpose. Sapienza: International Journal of Interdisciplinary Studies, 2(1).

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[10] Gholam, A. (2019). Inquiry-based learning: Student teachers' challenges and perceptions. American University in Dubai.
[11] McIvor, O., Chew, K. A. B., & Stacey, K. I. (2020). Indigenous language learning impacts, challenges and opportunities in COVID-19 times. AlterNative: An International Journal of Indigenous Peoples, 16(4), 409-412. https://doi.org/10.1177/1177180120970930
[12] McIvor, O., Napoleon, A., & Dickie, K. M. (2013). Language and culture as protective factors for at-risk communities. Language and Culture, 5(1).
[13] Napil, M., & San Jose, A. (2020). Beliefs and strategies in Filipino language learning and academic performance of indigenous students. International Journal of Educational Policy Research and Review.
[14] Hennink, M., & Kaiser, B. (2022). Sample sizes for saturation in qualitative research: A systematic review of empirical tests. Social Science & Medicine, 292, 114523. https://doi.org/10.1016/j.socscimed.2021.114523
[15] Nguyen, H. T. (2023). Language learning motivation among Vietnamese EFL students.
[16] Ngoho, J., & Ibojo, D. T. (2024). Teaching English language to IP learners: From the narratives of junior high school teachers. International Journal of Advance Research and Innovative Ideas in Education, 10(4). https://doi.org/10.0415/IJARIIE-24532
[17] Pannasara, V., Kanokkamalade, K., & Klinchan, V. (2020). A study of Myanmar students' motivation for learning English at Mahachulalongkornrajavidyalaya University.
[18] Pham, T. (2021). Challenges in speaking classrooms among non-English majors. Vietnam Journal of Education, 5(2), 37-42. https://doi.org/10.52296/vje.2021.52
[19] Pintrich, P. R. (1999). The role of motivation in promoting and sustaining self-regulated learning. International Journal of Educational Research, 31, 459–470. https://doi.org/10.1016/S0883-0355(99)00015-4
[20] Pratheesha, S., & Vijayanka, T. (2025). The relationship among attitudes, motivation and learning achievement in English as a second language: A study on advanced level students. International Journal of Research and Innovation in Social.
[21] Rebato, L. (2024). Attitude towards the Filipino language and communicative competence of senior high school students in Samar National School. Texas Journal of Philology, Culture and History, 27.
[22] Resnik, D. B. (2025). What is ethics in research & why is it important? National Institute of Environmental Health Sciences. https://www.niehs.nih.gov/research/resources/bioethics/whatis/index.cfm
[23] Salvador, T., Salvador, J., & Funa, B. (2023). Motivation and engagement among indigenous students towards face-to-face learning. Capiz State University.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved